

Pagsipat sa Kulturang Waraynon sa mga Piling Awitin ni A. Ramasasa

Asia Pacific Journal
of Management and
Sustainable Development
Vol. 9 No. 2, 11-22
October 2021 Part III
ISSN 2782-8557 (Print)

Eva S. Balbada, EdD¹, Rowena C. Largo, EdD²
Eastern Samar State University¹, Cebu Normal University²
evabalbada.ph@gmail.com¹, wenz_largo@yahoo.com²

Date Received: September 3, 2021; Date Revised: October 31, 2021

Abstrak- Nilalayan ng pag-aaral ang pagsusuri sa nilalaman ng mga awiting Waraynon ni Art Ramasasa. Mahalaga ang pag-aaral na ito para matalos, mabatid at matukoy ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga awitin para sa preserbasyon ng kultura at sa pagpapayaman ng panitikan. Saklaw ng pag-aaral ang sampung awiting Waraynon na sinuri ayon sa paksa at tema, simbolismo. Ginamit ang kwalitatibong disenyo at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng kontent analisis. Ang kaligiran ng pag-aaral ay kinuha sa sampung nagwaging Siday ay nagmula sa mga makata ng Leyte at Samar sa Rehiyon 8 na nagwagi sa iba't ibang patimpalak mula sa lokal, rehiyunal at pambansa. Natuklasang ang paksa at tema ng mga awitin ay tungkol sa pag-ibig, kasayahan, pagdiriwang sa mga okasyon, at pamumuhay ng mga tao. Ang mga simbolismong nabatid ay bahal nga tuba na sumisimbolo ng kasiyahan, gala -pagiging galante, sensilyo – kagalakan, kasing-kasing - romantiko, bandera – puri at dangal, simbahan – kasalan, at hinog na makopa – mapupulang labi. Dahilan ng pagkakalikha ng mga awitin ang pagpapakilala ng mga tradisyon, kultura at paglalarawan sa mga lugar. Lumitaw sa mga awitin ang kulturang masayahin at matatag ng mga Waray. Ito ay nagpapatunay na ang mga awiting Waraynon ay nagtataglay ng mga pagpapahalagang kultural na sumasalamin sa paraan ng pamumuhay, pagtangkilik sa nakagisnang gawi at pagpapahalaga na magpapakilala at magpapalaganap sa kultura at magagamit sa pagtuturo ng panitikan.

Mga Susing Salita: awiting waraynon, kaligiran, kultura

INTRODUKSIYON

Ang mga awitin ay sumasalamin sa araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan. Ito'y nagkukuwento sa mga katutubo, lalo na ng mga nasa probinsya sa kanilang simpleng pamumuhay at kung paano nila ginagawa ang iba't ibang gawain na ang pinapaksa ay may kaugnayan sa kalikasan. Ang mga awitin ay nagbibigay ng isang malinaw na pagpapahayag ng ating kultura – mga kaugalian at paniniwala, buhay, at hanapbuhay. Dahil sa kultura nabubuo ang iba't ibang anyo ng panitikan.

Sa lahat ng kultura, ang mga awitin ay mahalagang bahagi sa buhay ng tao. Ito'y may matinding kaugnayan sa pagitan ng paggawa at ang ilan sa mga pinakamalaki na pagninilay-nilay gaya ng paggamit ng wika at mas mahusay at maayos na sosyal na kaalaman. Ang wikang Waray ay isa sa mga wikang rehiyonal ng Pilipinas, katutubong wika at wika ng pagkakaunawaan ng Rehiyon 8. Isa sa mga uri ng literaturang Waray ay ang mga awitin.

Ang pagsuri sa mga awiting Waraynon na inawit ni Art Ramasasa ay nakabatay sa dulog pormalistikong panliteratura ni Erlich [1] na tumutuon sa pagsusuri, pagpapakahulugan, at ebalwasyon sa mga tampok na elemento ng akda partikular ang istruktura, tema, imahen at simbolismo. [2]. Salig sa dulog na ito nakatuon sa pagtukoy sa pagsuri ng nilalaman, kaanyuan, kayarian at paraan ng pagkakasulat ng akda, ito man ay may kaugnayan sa aspetong pangkasaysayan o panlipunan. Sa tulong ng mga teoryang ito ay naisiwalat ang mensahe ng liriko na nakapaloob sa mga piling komposisyon ni Art Ramasasa.

Kilala bilang kompositor at mahusay na mang-aawit ng mga awiting Waray si Art Ramasasa. Binansagang siyang “Blind Master of Waray Music”, nakilala at sumikat sa larangan ng pagkanta sa ilalim ng Aquarius Records. Naging organist, guitarist, vocalist, lyricist, composer, arranger at recording artist. Tradisyunal na mga awitin ang nagpasikat sa kanya.

Ang kanyang mga awitin ay pumapaksa sa katutubong kultura, damdamin at mga paksain. Naglalarawan din ito ng mga damdaming ayon sa kapaligiran ng tao, kahalagahan ng paggawa, pag-asa, pag-ibig, kaligayahan, at pagpapahayag ng iba't-ibang pag-uugali. Pumapaksa rin ang kanyang mga awitin tungkol sa pakikitungo ng mga tao sa kanilang kapaligiran. Ang iba'y damdaming may kaugnayan sa kanilang ginagawa, ang lungkot at saya ng buhay at halos lahat ng mga karanasan sa pang-araw-araw na kaganapan. Ito ang mga dahilan kung bakit pinili ng mananaliksik ang mga awitin ni Art Ramasasa.

Pinatotohanan din ni Reyes na sa paggamit ng pormalistikong pagdulog ay pinagtutuunan ng pansin ang mga detalye at bahagi ng kuwento upang itanghal ang pagiging masining at malikhain ng komposisyon. Kung gayon, isang kahingian ang mahusay na pagkakaugnayan ng bawat elemento sa loob ng isang akda. Gayunpaman, binigyang-diin ni Villafuerte et. al. [3], na ang pagsusuring pampanitikan ay pagsusuri ng mga akdang panitikan batay sa mga tiyak na teorya, pamantayan sa pamumuna, katawagang pampanitikan at ugnayan, at pagkakaayos ng mga tiyak na elemento ng akda. Sumusuporta ang pananaw na ito sa kasalukuyang pag-aaral na nagsusuri sa mga awiting Waraynon partikular ang paksa, tema, simbolismo, kaligiran at mga pagpapahalagang moral, ispiritwal, pisikal at sosyal na nakapaloob sa mga awitin.

Hangad na ipabatid ang kulturang Waraynon, buhayin at mapreserba ang kultura ng lokal na panitikan. Ito ang nag-udyok sa ginawang pag-aaral na mabigyan ng paglalarawan ang mga awiting Waraynon upang maisabuhay ang kulturang Waray. Bilang karanasan at obserbasyon ng mananaliksik, mas tinatangkil ng mga milenyal ang banyagang awitin na nagpapabago ng kanilang mentalidad at nababalewala na ang kinamulang kultura. Bagay na nagiging banyaga sa sariling lipunan ang mga bagong henerasyon dahil mas tinatangkil ang ibayong awitin kaysa lokal na mga awitin. Ang pagsusuri sa mga awitin ay magdudulot ng pagkabatid sa kung anong kultura mayroon tayo. Ang kahalagahan ng mga awitin ay mahalagang panlunas na tumutulong sa mga tao upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay upang

matugunan ang kanilang mga suliranin at maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang nilalaman ng sampung awiting Waraynon partikular ang kaligiran nito na nakatuon sa paksa at tema, simbolismo, at pagpapakahulugan; kultura ng mga Waraynon na nakapaloob sa mga awitin ni Art Ramasasa. Makapagbibigay ito ng kabatiran sa taong bayan tungkol sa kinagisnang kaasalan na pinagsikapang buhayin sa kasalukuyang pamumuhay at ang magiging kaugalian nila ay ayon sa mga kagandahang asal at mabuting pag-uugaling natutunan sa mga awiting Waraynon.

LAYUNIN NG PAG- AARAL

Ang pag-aaral na ito ay masuri ang nilalaman ng mga awiting Waraynon na sinulat, inawit at pinasikat ni Art Ramasasa. Tiniyak na masagot ang sumusunod na suliranin: kaligiran: paksa at tema; simbolismo at pagpapakahulugan at kulturang Waraynon.

METODOLOHIYA

Kwalitatibong pamamaraan sa anyong Content Analysis ang disenyong ginamit ng mananaliksik sa pagsusuri sa nilalaman ng mga awiting Waraynon sa pagtukoy sa paksa at tema, simbolismo, at pagpapakahulugan maging sa pagtukoy sa mga kulturang Waraynon na napapaloob sa mga awitin na makikita sa kasalukuyan. Ang disenyong ito ay tumutuon sa pangongolekta, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa mga datos sa pamamagitan ng obserbasyong personal sapagkat ninanais nitong malalimang unawain ang pag-uugali, katangian ng pakikipagrelasyon, at ugnayan ng mga kalahok. Ayon kay Fraenkel at Wallen [4], ang “content analysis” ay isang mabisang proseso ng pagsusuri ng tiyak at sistematikong paraan sa pagsukat ng baryabol. Ayon pa sa kanila ang pagsusuring pangnilalaman ay isang teknik na makatutulong sa pag-aaral mg mga kilos at gawi ng isang tao o grupo ng mga tao. Napakahalagang masuri ang mga nagawa, nasulat o nabuong akda tulad ng mga awitin. Ang nilalaman ng mga ito ay susi sa lalo pang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagsusuri sa

nilalaman ng akda ay pagtatamo ng impormasyong makatutulong sa mga suliraning may kinalaman sa edukasyon, Fraenkel at Wallen [4].

Ang sampung awiting Waraynon na Bahal nga Tuba, Eastehanon Amenudo, Kuratsa Mayor, Hi Ana, An Giporlosanon, Esmayling, Ma'am Racela, Man Tomas, Never Been Touch Never Been Kiss, at Gen. Mc Arthur ay nakalap ng mananaliksik mula sa aklat ni Bagulaya [5] na pinamagatang "Writing Literary History: Economic Production & Twentieth Century Waray Poetry" na naglalaman ng mga awiting Waraynon at isa na doon ang Waray-waray na komposisyon at awitin ni Art Ramasasa. Ang mga awiting ito ay kasama sa labinlimang awitin mula sa unang album ng mang-aawit at kompositor na unang inilabas noong taong 1995. Mula sa labinlimang awitin, pumili ang mananaliksik sa pamamagitan ng pasumala o random na pagpipili at binigyang-tuon ang sampung

awitin lamang. Mula sa sampung awitin, nilayon ng pag-aaral na maipakita ang malinaw at detalyadong salaysay ng kompositor at mang-aawit na si Art Ramasasa na siyang tanging kalahok sa pag-aaral.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Kaligiran

Makikita sa Talahanayan 1, Kaligiran, Kulturang Waraynon, ang nilalaman ay tumutukoy sa pag-aaral na ito ang nilalaman bilang kabuuan ng isang piyesa na nakapaloob ang elemento ng isang awitin tulad ng paksa. Ang paksa ay diwa o kaisipang nakapaloob sa mga awitin na nais ikintal ng makata sa isipan ng mga mambabasa. Ito ang bahagi ng akda na binibigyang-tuon. Ang tema naman ay pangkalahatang kaisipan na nais palutangin ng kompositor sa kanyang awitin upang mas maintindihan ng makikinig. Dito din nabubuo ang kaisipan ng makikinig.

Talahanayan 1. Kaligiran			
Mga Awitin	Paksa	Tema	Pagpapakahulugan
Bahal nga Tuba	Pag-iinuman ng bahal na tuba sa kahit anong okasyon	Kasayahan tuwing may mga pagdiri-wang	Tuwing may mga pagtitipon, ang bahal na tuba ay palaging presente sa handaan
Easteha-non Amenudo	Kata-ngian ng mga taga Sila-ngang Samar	Kultura ng mga Easteha-non	Magbago man ang panahon ay bahagi na buhay ng mga Estehanon ang pagsasa-yaw ng amenudo
Kuratsa Mayor	Pagsayaw ng Kuratsa	Bahagi ng selebrasyon ang pagsasayawan at katuwaan	Bilang pagsunod sa tradisyon nagagalak ang lahat maging bata man o matanda, bisita ay nakikiisa sa pagdalo sa sayawan at dahil sa kagalakan naghahagis sila ng pera sa pares na sumasayaw ng kuratsa.
Hi Ana	Kapalaran ng isang dalaga	Pagpapahalaga sa puri at dangal	Sa buhay ng isang dalaga sadyang dapat pakaingatan ang puri dahil kapag ito'y nabahiran ng masama hindi na ito maibabalik pa
An Giporlosanon	Pagpapakilala sa mga taga Giporlos	Katangian ng mga mamamayan sa isang lugar	Sa anumang pagkakataon ay hindi makakalimutan ang mabuting pagkatao ng mga taga Giporlos at masayang pakikisama sa kapwa
Esmayling	Pagliligawan	Pag-ibig at panunuyo sa dalaga	Isang tradisyon ng mga waraynon na ang pagliligawan ay idinadaan sa salitan na pag-awit ng tugon na nauwi naman sa kasalan

Balbada at Largo, Pagsipat sa Kulturang Waraynon sa mga Piling Awitin ni A. Ramasasa

Ma'am Racela	Paghanga sa isang guro	Pagmamahal at Inspirasyon	Ang sitwasyon ng isang mag-aaral na magkagusto sa kanyang guro ay mahirap kontrolin. Ibayong pagpapayo at pagpapaliwanag ang dapat gawin.
Man Tomas	Matandang Chick-boy	Pagkaakit sa kababaihan ng isang matandang biyudo	Agresibo ang mga matatandang biyudo, gusto pa nilang magkaroon ng maraming asawa kahit hirap nang maglakad tulad ni Mang Tomas.
Never Been Touch Never Been Kiss	Dalisay na Pagma-mahal	Pagpapahalaga sa isang dalaga	Pagrespeto sa isang dalaga at hindi pagsasamantala sa kawalan ng muwang nito.
Gen. Mc Arthur	Buhay at pamumuhay ng mga Mc Arthuranon	Kalinangan at Kultura ng isang umuunlad na bayan	Tulad ng amerikanong sundalong naghagad ng kalayaan ng ibang bansa, ang bayan ng Mc Arthur ay maayos, mahilig magluto ng masasarap na pagkain ang mga tao, may mabuting pagsasamahan at payapang tirhan

Ang pangunahing paksa ng awiting Bahal nga Tuba ay pagdiriwang tuwing may mga okasyon. Bahagi ng kultura ang selebrasyong tulad ng pistahan na dinarayo ng mga kakilala't kamag-anak upang magsalu-salo, magkuwentuhan at magkahuntahan. Ang mga pagtitipong ito ay may kahalong inuman ng inuming bahal na tuba upang lalo pang lumawig at humaba ang kasayahan. At siyempre pa mas masaya ang inuman kapag may kantahan lalo na kapag magaling ang naggigitara dahil nagaganyak ang mga nag-iinuman na kumanta kahit wala sa tono. Paborito ng mga waraynon ang kinilaw at inihaw na isda maging ang nilagang manok bilang pulutan. Binabalik-balikan ng mga bisita ang bahal na tuba at hindi nila alintana kahit abutin hanggang umaga sa pag-iinuman. Para sa ibang Waraynon, ang pag-inom ng bahal nga tuba ay magandang pampakundisyon ng katawan. Ang amenudo ay isang sayaw ng magkapares na babae at lalaki na popular sa mga Estehanon. Ito'y may saliw na mahina at mayroon ding katamtaman ang bilis. Masaya ang awiting ito dahil hinahagisan ng pera ang mga sumasayaw. Sa awiting Eastehanon ang kalinangan at kultura ng mga taga Silangang Samar ang naging paksa at tema. Inilalarawan sa awiting ito ang payak na pamumuhay ng mga tao, ang pagkamagiliw sa kapwa at lalung lalo na ang pagkahilig sa pagsayaw na amenudo. Ang sayaw na ito ay nakaugalian na ng mga

tao, sayaw ng magkapares at ang paghahagis ng pera sa mga sumasayaw. Ang kuratsa ay isang sayaw ng pagliligawan na tanyag sa Bisayas at kapuluan ng Samar. Ito ay nagmula sa La Curaracha o (cockroach dance). Ang awiting Kuratsa Mayor ay isang klasiko at popular na awitin na sumasalamin sa mga kaugalian ng mga Waraynon. Ito ay tumutukoy sa isang sayaw na pangmasa na kadalasang makikita sa mga ginaganap na kasiyahan gaya na lamang ng pistahan. paksa at tema ng awitin ang pagsayaw ng kuratsa upang ipakita ang kagalakan ng mga sumasayaw at maging ang mga nanonood ay naghahagis ng pera habang pinapalakpakan ang mga sumasayaw. Kadalasan ang mga matatanda ang bihasa sa sayaw na ito at ayon pa sa awitin na minsan may isang bisitang matanda na dumalo sa sayawan. Kapag naglalakad siya ay halos na siyang matumba ngunit naghahanap pa siya ng dalagang makakapares sa pagsayaw ng kuratsa. Ang lahat ng mga nagsisipagsayawan ay namangha sa kanilang nakita. Nag-iba ang porma ng matanda dahil nang sumayaw siya ng kuratsa ay may paluhud-luhod pa siya at nakadipa ang kamay habang sumasayaw. Bilang isang tradisyon ito ay nangyayari tuwing pistahan at sa iba pang mga okasyon. Ang awiting ito ay naglalarawan sa isang dalagang nagkaproblema dahil iniwan ng kasintahan matapos siyang mabuntis. Paksa at tema sa awiting Hi Ana ang naging buhay at

kapalaran niya sa pag-ibig. Naging malaking problema niya nang iwan siya ng kasintahan at buntis pa naman siya. Dahil sa padalos-dalos niyang pagtitiwala sa lalaki ay napariwara ang kanyang buhay at wala siyang nagawa kundi tanggapin ang kanyang kapalaran. Sa awitin, ipinahayag na bagong kakilala lamang ni Ana ang lalaki at kaagad siyang nagtiwala at ibinigay niya ang lahat-lahat sa kanya. Kahit ano pang pagsisisi ang gawin dahil nangyari na ang lahat. Wala nang magagawa si Ana kundi tanggapin ang kapalaran. Ito’y isang pamukaw sa mga kabataang mapupusok na hindi magpadalos dalos sa bugso ng damdamin. Ang awitin ay naglalarawan ng buhay at pamumuhay ng mga mamamayan ng Giporlos at ang kanilang pakikitungo sa kapwa. Ang diwa ng awitin ay paglalarawan sa katangian ng mga tao. Matatag sa mga pagsubok, matimpiin, madaling lapitan, magaganda ang mga tao, at wala ka ng hahanapin pa – ito ang mga pambihirang katangian ng mga tao sa bayan ng Giporlos. Maliban sa pagiging palakaibigan, hindi sila mahiyain at mababakas sa kanilang mukha ang pagiging kuntento at mahilig din sa sayawan. Ang awiting ito ay tungkol sa pagliligawan ng isang dalaga’t binata na pakanta ang pagpapalitan ng kanilang usapan. Sa awiting Esmayling, pagliligawan ng isang babae at lalaki na idinaan sa pagkanta ang paksa at tema na kung saan kanilang pinag-uusapan ang alok na pagmamahal ng lalaki sa babae, ang mga kondisyon ng babae, at ang kinalabasan ng pag-uusap na ito ay walang iba kundi “kasalan”. Ang usapan ng dalawa ay salitan ng tugon at ang nakakatuwa ay sa paraang pakanta ang kanilang pag-uusap. Gayunpaman, ang awiting Esmayling ay naging tanyag sa Samar. Ito’y isang paraan ng panliligaw. Nakapaloob dito ang mga linya o mensahe ng babae at lalaki para sa isa’t isa ukol sa kanilang pagmamahalan sa pamamagitan ng pag-uusap sa paraang pakanta. Ang awitin ay naglalarawan sa isang estudyante na nahulog ang loob at napamahal sa kanyang guro. Paksa at tema ng awiting Ma’am Racela ang tungkol sa paghanga ng isang estudyante at pagkahulog ng loob sa kanyang guro at ang paglilihim niya sa kanyang nararamdaman

dahil magkaiba ang kanilang katayuan sa buhay. Naaaliw siyang palaging nakikita ang guro at madali siyang matuto sa mga itinuturo nito at hindi na niya malaman ang gagawin na naging dahilan ng kawalan ng ganang kumain. Sa bandang huli ay nanaig ang hiya niya dahil sa sobrang respeto niya sa kanyang guro. Ang pagkakaiba ng kanilang katayuan ay isinaalang-alang niya at hindi siya nagpadaig sa kanyang emosyon. Sinarili niya ang kanyang nararamdaman at natakot siyang sabihin ang katotohanan dahil baka sabihin ng kanyang guro na wala siyang modo. Sa kabilang dako, pagmamahal ng isang estudyante sa kanyang guro ang tema ng awiting Ma’am Racela. Ang paghanga sa kapwa ay natural na emosyon ngunit sa sitwasyon ng estudyante at ng guro sa awiting ito nagdulot ng sakit ng ulo sa estudyante dahil hindi niya masabi sa kanyang guro ang kanyang damdamin. Sa bandang huli, respeto pa rin ang nanaig na emosyon ng estudyante. Ang awiting ito ay tungkol sa isang matandang mahilig manuyo ng kababaihan mapabata, dalaga, biyuda basta’t may hitsura dahil gusto pa niyang magkaroon ng pitong asawa. Ang Man Tomas ay may paksa at temang tungkol sa pagiging “chickboy” ng isang matandang lalaking mahilig magpahayag ng pag-ibig sa mga babaeng bata pa. Si Man Tomas ay nasa dapit-hapon na ng kanyang buhay ngunit kumikilos pa rin na parang siya ay isang binata. May edad na siya pero nais pa niyang magkaroon ng maraming asawa kaya naman lumalapit siya sa mga kababaihan – dalaga man o biyuda wala siyang pinipili basta matipuhan niya. Isang araw, umakyat siya ng ligaw sa isang biyuda at hinandugan niya ito ng matamis niyang pagmamahal ngunit nabigo siya pagkat sinabihan siya ng biyudang matanda na siya. Sadyang mahilig sa kabataang babae si Man Tomas. Sa kabila ng kanyang katandaan ay gusto pa niyang magkaroon ng pitong asawa. Pinagsabihan pa siyang magpahinga na sa pamimintuho sa kadalagahan subalit nagalit lamang siya. Ayon pa sa awitin, mag-ingat ang mga kadalagahan sa matanda dahil ang mga katulad niya ay hindi dapat patulan. Ang awiting ito ay naglalarawan tungkol sa isang binatang matapat na nagmamahal sa kanyang kasintahang may magandang katangiang panlabas. Dalisay na pagmamahal sa isang dalaga ang

paksa ng awiting *Never Been Touch, Never Been Kiss*. Ang awitin ay tungkol sa isang binatang may kasintahang tinedyer, presko, may makinis na kutis, maputi, may balingkinitang katawan mala-makopa ang mga labi, at sa madaling salita nakahahalinang kagandahan. Sa edad na labin-anim, malambing siya at “charming”. Marami siyang poring karibal kaya kahit ano ang hingin sa kanya ay hindi niya mapasubalian. Ibinibigay niya ang luho ng kasintahan na walang hinihintay na kapalit. Ngunit kapag humihingi ang lalaki ng kahit isang halik ay umiiwas ito kaya ayon pa sa may akda dalisay at malinis ito. Datapwat sa awiting *Never Been Touch, Never Been Kiss*, pagpapahalaga at paggalang sa babae ang paksa at tema. Pinatunayan ng lalaki ang kanyang magandang hangarin sa babae na kahit ano ang hingin sa kanya ay ibinibigay niya nang walang kapalit. Maiuugnay ang paksa at tema ng awitin sa pelikulang “*Strict ang Parents Ko.*” Sa pelikula, istrikto ang mga magulang at iba pang kasapi ng pamilya sa kanilang anak na babae. Ayaw ng pamilya na mapariwara ang dalaga kaya mahigpit itong sinusubaybayan ng mga kasapi ng pamilya. Tanging paaralan at bahay lamang ang destinasyon ng dalaga. Bawal ang manliligaw at paglabas-labas ng bahay. Pinipili ang mga makakasama at kaibigan.

Ang awiting ito ay naglalarawan sa masaya at simpleng pamumuhay ng mga tao sa bayan ng Mc Arthur at sa magiliw na pakikisama sa kanilang kapwa. Pagsasalaysay sa lugar at kabuhayan ng mga mamamayan ang paksa at tema ng awiting *Gen. Mc Arthur*. Ang bayan ng Mc Arthur ay may mayamang kalikasan. Bukod sa magagandang isla, malawak na karagatang mayaman sa lamang dagat, masayahin at masisipag na mga mamamayan, at masasarap na pagkain tiyak na babalik-balikan ng mga turista. Maunlad na bayan dahil may pagkakaisa ang mga tao at nakalagak sa pusod ng probinsya ng Silangang Samar. Ayon pa sa awitin, wala kang pagsisisihan kung ikaw ay titira sa bayang ito. Maliban sa maganda at maaliwalas na lugar, ang mga tao ay nagluluto ng lokal na lutuin tulad ng mga kakanin na bibingka, puto, bungang kahoy, at mga lamang dagat gaya ng alimango at malalaking hipon at sugpo. Dinarayo din ng mga turista ang nakahahalinang isla ng Minagkong,

Anahaw, Minalungon dahil sa mala-kristal na tubig, maputing buhangin at nakaaakit na Tingson Falls. Bukod dito, ang tema ng awitin ay umikot sa pahapyaw na pagsasalaysay ng bayan ng Mc Arthur, ang kalagayan at kabuhayan ng mga mamamayan, at pagmamalaki sa kagandahan at kasaganaan ng bayan – sa maikling salita, ang kultura ng bayan. Isang pagkakakilanlan sa bayang ito ang mga kakaning itinitinda ng mga mamamayan tuwing may “tabo” at ito ay binabalik-balikan ng mga taga karatig bayan. Maiuugnay ang paksa at tema ng awitin sa isang Dokumentaryong palabas na “*Biyahe ni Drew*” na isang programa ng GMA 7 network. Si Drew ay mahilig maglakbay sa iba’t ibang lugar ng Pilipinas upang tuklasin ang kakaibang yaman ng lugar. Sa kanyang paglalakbay samut-saring kaalaman ang kanyang natutuklasan, inaalang niya ang pamumuhay, tradisyon, paniniwala, kaugalian at kultura ng lugar na kanyang pinupuntahan. Kaakibat sa paglalakbay, ipinapakita din ang “*native delicacy*” at kung paano ito lutuin. Sa awiting *Mc Arthuranon*, ang kalinangan at kultura ang inilalarawan at isinasalaysay bilang pagpapakilala sa umuunlad na bayan.

Inilahad ni Belvez [6], na ang paksa ang pinaguusapan sa alinmang salaysay, inilalahad, inilalarawan at binibigyang matwid at dito umiikot ang buong talakay. Dagdag pa ni Buensuceso et. al. [7], ang kaalaman ay ang paksa at mga pangyayaring napapaloob sa akda. Ang mga ito ay maaaring hinango ng may-akda sa kanyang sariling karanasan, sa namasid niyang kapaligiran, sa nabasa niyang mga akda o kaya’y likha ng kanyang isipan batay sa tunay o maaaring mangyari sa buhay. Ang bawat awitin ay nagtataglay ng tema. Ang tema ay nagpapaliwanag sa pagkatao at buhay na maaaring lantad ang katotohanan na naging basehan ng kalagayan ng mga tauhan o mga insidenteng pinangyayari sa salaysay. Ito ay mahalagang sangkap ng awit na nagsasaad ng diwa o paksa. Ang kuratsa ay isang sayaw ng pagliligawan na tanyag sa Bisayas at kapuluan ng Samar. Ito ay nagmula sa La Curaracha o (cockroach dance). Ang awiting *Kuratsa Mayor* ay isang klasiko at popular na awitin na sumasalamin sa mga kaugalian ng mga Waraynon. Ito ay tumutukoy sa isang sayaw na

pangmasa na kadalasang makikita sa mga ginaganap na kasiyahan gaya na lamang ng pistahan. Paksa at tema ng awitin ang pagsayaw ng kuratsa upang ipakita ang kagalakan ng mga sumasayaw at maging ang mga nanonood ay naghahagis ng pera habang pinapalakpakan ang mga sumasayaw. Kadalasan ang mga matatanda ang bihasa sa sayaw na ito at ayon pa sa awitin na minsan may isang bisitang matanda na dumalo sa sayawan. Kapag naglalakad siya ay halos na siyang matumba ngunit naghahanap pa siya ng dalagang makakapares sa pagsayaw ng kuratsa. Ang lahat ng mga nagsisipagsayawan ay namangha sa kanilang nakita. Nag-iba ang porma ng matanda dahil nang sumayaw siya ng kuratsa ay may paluhud-luhod pa siya at nakadipa ang kamay habang sumasayaw. Bilang isang tradisyon ito ay nangyayari tuwing pistahan at sa iba pang mga okasyon.

Ang nangingibabaw na paksa at tema ng mga awiting Waraynon na inawit ni Art Ramasasa ay tungkol sa mga selebrasyon at pagdiriwang, kasayahan, kalinangan ng isang lugar, buhay at pamumuhay ng mga mamamayan, katangian ng mga tao, o sa maikling salita, ang kultura ng mga Waraynon. Mababatid na hanggang sa kasalukuyan ay ipinagdaraos pa rin ang ganitong mga gawain na patunay na buhay ang kulturang ito na patuloy na lilinangin ng susunod na henerasyon. Mahalaga ito upang ipamulat sa bagong

henerasyon ang nakagawian at kanilang ipagpatuloy upang lalong tangkilikin ang nakagisnang kultura. Bilang suporta, mapapatunayan ito sa kahit saan mang panig ng Silangang Bisayas na ang mga tao ay mahilig dumalo sa mga handaan, palakaibigan, nagkakaunawaan, masayahin at mahilig sa kasiyahan

Simbolismo at Pagpapakahulugan

Inilalahad sa talahanayan 2, Simbolismo Ang simbolismo ay naglalarawan ng mga bagay o kaisipan sa pamamagitan ng mga sagisag o simbolo. Mahalagang sangkap ang wika sa pakikipag-ugnayan. Maipararating ang nilalaman ng diwa sa tao sa paggamit ng paraan- ang salita.[8]. Ang sinasagisag ay maaaring abstrak; tulad ng mga simbolo o kongkreto na tumutukoy sa mga bagay. Ang pagpapakahulugan. Tumutukoy sa mga dahilang personal ng may-akda sa paglikha ng mga awitin. Inisa-isa ang mga rason ng mang-aawit kung ano ang nag-udyok sa kanya upang lumikha ng mga awitin.

Samantala, nabatid na ang sampung awiting Waraynon ay nagtataglay ng mga salitang sumisimbolo sa kongkretong bagay na nagpatingkad sa nilalaman ng mga awitin. Ang mga salitang ito ay na binigyan ng pagpapakahulugan ay nakatulong upang madaling maunawaan ang nilalaman ng bawat awitin at mahalaga ito para sa mga hindi Waray na magbabasa at makikinig ng mga awiting ito.

Talahanayan 2

Simbolismo at Pagpapakahulugan

Mga Awitin	Simbolismo		Pagpapakahulugan
	Simbolismo	Kahulugan	Dahilan ng Pagkalikha
Bahal nga Tuba	<i>tuba (inumina mula sa puno ng niyog) kinilaw, manok, sinugba (mga pulutan na masarap ipares sa tuba)</i>	Kasiyahan	Ilarawan ang tradisyong waraynon
Easteha-non Amenudo	<i>gala (perang inihahagis sa mga nagsasayaw ng aamenudo)</i>	pagiging galante	Pagpalaganap ng kultura
Kuratsa Mayor	<i>sensilyo (barya o pera na inihahagis sa mga sumasayaw ng kuratsa)</i>	Kagalakan	Binigyang buhay upang magbigay-aliw sa mga Leyteno at Samarnon
Hi Ana	tiyan(bahagi ng katawan na tinatawag ding sinapupnan kung saan ito ay bahay-bata)bandera(puri at dangal)	mga bagay na dapat pakaingatan ng isang babae	Nilikha ng musikero bilang pamukaw at upang magbigay-aral sa kabataang kababaihan
An Giporlosanon	<i>pamayhon (mukha ng mga tao)</i>	Ekspresyon	Pagpapakilala sa bayan
Esmayling	kasing- kasing (bahagi ng katawan na tumitibok kapag umiibig ang isang tao; simbahan(bahay-dalanganin at lugar na pinagdarausan ng kasalan	Pagmamahal Kasalan	Ilarawan ang isang paraan ng pagliligawan ng dalaga't binata sa pagpapahayag ng pagmamahal.

Balbada at Largo, Pagsipat sa Kulturang Waraynon sa mga Piling Awitin ni A. Ramasasa

Ma'am Racela	eskuwelahan(lugar kung saan tinuturuan ang mga mag-aaral na magbasa,magsulat at tamang valyus maestra(tagaturo ng tamang asal.	naghuhugis ng kamalayan ng isang indibidwal/debelopmental na pag-unlad ng isang indibidwal	Pagpapahalaga sa moralidad
Man Tomas	<i>sip-onon</i> (uhugin pa)	bata pa/walang muwang	Paglalarawan sa ugali at gawi ng isang matandang lalaking gusto pang magkaroon ng maraming asawa.
Never Been Touch Never Been Kiss	<i>makopa</i> (uri ng prutas na kulay pula at hugis puso)	Presko	Ipaalala ang isang kaugalian tungkol sa pag-aasawa, ang igalang at hindi balewalain ang mga kababaihan
Gen. Mc Arthur	<i>Mc Arthur</i> (sundalong Amerikano na isang heneral na siyang nagpalaya sa mga Pilipino sa kamay ng mga Hapon	respetado at kilala	Ipakilala ang bayan

Ang mga simbolismong ito ang nagbigay-kulay sa mga awitin. Masasabing mayaman ang talasaalitaan ng may-akda sa pagkalikha ng mga bagay na nagtataglay ng kahulugan. Masasabing istilo ng awtor ang paggamit ng simbolo o sagisag upang paganahin ang utak ng mambabasa na mag-isip sa kahulugan ng mga implayd na salitang ginamit at karamihan sa mga akda tulad ng tula ay ginagamitan ng simbolismo at imahen. [9] “ang simbolo/simbolismo ay isang makasining na sangkap na ang layunin ay kumakatawan sa isang uri ng damdamin, bagay, paniniwala at kaisipan. Ito rin ay mga tao, lugar o mga bagay na ginagamit para kumatawan sa anumang bagay sa panitikan”.

[10] “Sa isang akda na makatutulong nang malaki ang mga simbolo upang makapagdulot ng kaisahang kintal o diwa. Sa paghahatid ng mga katotohanan dapat na maging makasining, iba kaysa pangkaraniwang pagsasalaysay lamang at dito kailangan ang simbolo. Ang paggamit ng simbolo ay maaaring sa pamamagitan ng mga tiyak na sagisag o ng iba pang masimbolong kaparaanan na makapagbibigay ng masimbolikong kabuuan ng akda. May mga simbolong kumakatawan sa karanasang moral, sosyolohikal at sikolohikal. Ang panitikan ay repleksyon ng mga karanasang panlipunan at dahil dito ang kabuluhan ng panitikan ay ang batayang moral ng isang pamayanan. Gayunpaman, ganito rin ang napatunayan ni Genegabuas [11], na “Symbolisms and Emotional Effects of Songs. Basis for an English Instructional

Design”, natukoy niyang ang mga awit ay nakapupukaw ng pagkamalikhain at nagagamit ang mga liriko nito bilang awtentikong kagamitan at lunsaran sa mga aralin sa pagtuturo. Ito rin ang isang tuon ng pag-aaral na ito na magamit ang mga awitin na maganyak sa mas mataas na pag-iisip ang mga mag-aaral sa kolehiyo.

Sa pagpapakahulugan ay mga nabanggit na mga dahilan, mabubuod na malaki ang pagmamalasakit ng may-akda sa lalawigang kanyang kinagisnan. Masasabing isang paraan niya ito upang lalong pagbigkisin ang mga mamamayan at lalo pang tangkilikin, linangin at payabungin ang kultura ng mga Waraynon. Sa lahat ng mga nabanggit, pagkamakabayan ang namutawi niyang emosyon dahil nais niyang ipakilala ang kultura ng mga Waraynon. Mahalagang ipamalas ang angking galing sa paglikha ng mga awitin dahil sa paraang ito naibabahagi ang pagiging nasyonalismo. Mapapansin na karamihan sa mga bagong awitin ngayon ay paglalarawan sa kinalakhang lugar at ang kalinangan ng mga mamamayan lalo na ang mga isyung panlipunan at kultural.

Kulturang Waraynon

Ito’y mga katutubong pag-uugali, gawi, gawain, saloobin, paniniwala, kabuhayan at tradisyon ng isang lahi. Sa pag-aaral na ito, kultura ng mga Waraynon ang binigyang-tuon. Makikita sa talahanayan 3, ang kulturang Waraynon.

Talahanayan 3 Kulturang Waraynon

Mga Awitin	Kultura	Bahagi
Bahal nga Tuba	Pag-iinuman ng bahal na tuba lalo na kung may mga okasyon	<i>Ha mga okasyon labi na kon Patron</i>
Easteha-non Amenudo	Magkapres na lalaki at babaeng sumasayaw na hinahagi-san ng pera ng mga nagsisi-pagsayawan at manono-od.	<i>Sayaw nga amenudo makaruruyag kay ginagalahan</i>
Kuratsa Mayor	Pagkahi-lig sa pagsa-yaw ng kuratsa at pagpapakitang-gilas lalo na kung may mga selebras-yon at pagdiri-wang	<i>Inin kuratsa nga sarayawon ayon han Leyteno ug Samarnon</i>
Hi Ana	Pagiging matatag at palaban sa pagharap sa pagsubok sa buhay	<i>Waray ka mahihimo kay nahinabo na.</i>
An Giporlosanon	Mahilig sa kasiyahan at palakaibigan	<i>An Giporlosanon makisasangka-yon</i>
Esmayling	Pagsusuyuan at Pangangasawa na idinadaan sa kanta-estorya na salitan/pagtugon	<i>Esmayling maupay nga karantahan</i>
Ma'am Racela	Paggalang/respeto at pagpapahalaga sa guro	<i>Lugaring di ko mahihimo kay sobra an akon pagrespeto</i>
Man Tomas	Panunu-yo sa kadalagahan ng isang biyudong matanda	<i>Han usa ka adlaw ini hi Man Tomas may ginbisita</i>
Never Been Touch Never Been Kiss	Sobrang pagrespeto at pag-aruga sa sinusuyo	<i>Bisan anon aru-oginhahatag an ngata-nan</i>
Gen. Mc Arthur	Pagtangkilik at pagpapakilala sa sariling gawang produkto	<i>Hala na daw sangkay tilawi An marasa han Mc Arthur nga kinilaw</i>

Mababatid na sa awiting Bahal nga Tuba, ang isa sa mga kultura na pag-iinuman ang inilarawan. Masayahin ang mga Waraynon. Ito’y napatunayan sa awiting “Waray-waray” na kung saan ay tinukoy dito na ang mga Waray tuwing nagkikita ng kanyang mga kaibigan, kakilala o kamag-anak man ay nag-iinuman. Ito’y nagpapakita ng magiliw na pagtanggap at maayos na pakikisama. May okasyon man o wala ay nakagawian na ang pag-iinuman ng bahal nga tuba lalo na kapag araw ng Linggo, pagkatapos ng mahabang linggong trabaho. Sa isla ng Samar partikular sa Silangang Samar ang pagsayaw ng amenudo ang pinakapopular na kultura at dahil dito ay dinarayto ito ng mga bisita. Nagugustuhan nila ito dahil hinahagisan ng pera ang pares na sumasayaw at lalong ginaganahan sa pag-indak ang magkapres. Lahat ay nasisiyahan lalo’t pinangungunahan ng mga bisita at mga opisyal ng bayan at probinsya. Mula Can-avid hanggang Dolores, Oras, Arteche, Jipapad, Taft, San Julian, Sulat, Borongan at sa Llorente, Maslog, San Policarpo at saka Mc Arthur, Salcedo, Maydolong, Balangkayan kasama ang bayan ng Hernani, pati ang Giporlos,

Quinapondan, Balangiga, Lawaan, may dalawa pang bayang hindi ko malilimutan ang maayos na Mercedes at malaking bayan ng Guiuan. Lahat ng mga nabanggit na bayan ay nagpapahalaga sa pagsayaw ng amenudo dahil mababakas sa kanilang mga mukha ang pagkamasayahin. Sa pamamagitan ng pagsayaw na amenudo ay naaalih sila at pansamantalang naiibsan ang mga problema. Nagpatanyag sa kultura ng mga Waraynon ang pagsayaw ng kuratsa. Kinagigiliwan ito ng mga kabataan at maging ng matatanda at lalo na ng mga bisita. Sa mga okasyon tulad ng pistahan ang mga bisita ay nag-uunahan sa pagdalo sa sayawan lalo pa at may maganda at sikat na bandang tumutugtog. Magaganda at magagarang damit ang suot ng mga bisita at mga bakasyunista mula sa iba’t ibang panig ng kapuluan at hindi rin nagpapahuli ang mga balibayan sa pagsayaw ng kuratsa. Kapag may sumasayaw na magkapres ay naghahagis ng pera na tinatawag na “gala” ang mananayaw at ang pinakasikat ay yaong maraming perang inihahagis sa nagsasayaw. Sa mga okasyong tulad ng kasalan ay may sayawan din ng kuratsa ang nagaganap. Ang mga espesyal na panauhin

tulad ng mga ninong at ninang, magulang at bagong kasal ay sumasayaw ng kuratsa. Hinahagisan ng pera ang mga mananayaw at ibinibigay sa bagong kasal ang mga inihagis na pera. Ang pagiging matatag at palaban sa pagharap sa mga pagsubok ay tanda ng pagkakaroon ng tiwala sa dakilang Lumikha. Ayon pa sa matatanda na kapag mahal ka ng Diyos ay sinusubok ang iyong katatagan. Binibigyan ka Niya ng pagsubok na alam niyang kaya mong labanan at lampasan. Hindi ka raw bibigyan ng problema kung hindi mo kayang lutasin. Ito ang kulturang namutawi sa awitin. Si Ana ay iniwang buntis ng kanyang pinagkatiwalaang kasintahan. Naloko siya sa lalaking hindi pa niya lubos na kilala. Sa kabila ng lahat ng mga nangyari kay Ana ay hinarap niya ang suliranin. Ipinagpatuloy niya ang pagbubuntis kahit walang kikilalaning ama ang kanyang anak. Alam niyang ang pagsisisi ay laging nasa huli. Tinanggap niya ang naging kapalaran. Ganyan ang mga Waray. Matapang. “Hanggat’ nabubuhay, dapat magsaya.” Isa sa mga pamosong linya ng mga Waraynon. Batid ng marami na ang Silangang Samar ay madalas sentro ng bagyo. Nakaharap kasi ito sa dagat pasipiko kaya kapag may pumapasok na masamang panahon ay tinutumbok nito ang Silangang Samar. Sa mga tulad nitong mga unos ay nanatiling matatag ang mga Estehanon. Patuloy at hindi sumusuko sa pagbangon ang mga Giporlosanon. Hangad nila ang kaligayahan at kapayapaan sa buong bayan. Masayahin ang mga Giporlosanon. Sa kahit anong okasyon ay nagkakaisa sila at nagdadamayan. Kilala ang mga mamamayan sa pagiging palakaibigan at mahusay na pakikisama ang mga taga Giporlos. Magiliw nilang tinatanggap at pinakikisamahan ang mga panauhin. Hindi sila mahiyain at bukas ang palad sa anumang mga pangangailangan. Kaya ang mga ganitong katangian ay binabalik-balikan ng mga bisita at nagpapakilala ng kultura ng bayan. Sa awiting Esmayling Ang panghaharana sa kasalukuyan ay bihira na lamang nangyayari. Ito’y isang kultura ng mga Pilipino na halos hindi na isinasagawa bunsod ng makabagong teknolohiya. Marami na ang pinagkakaabalahan ng mga tao kaya ito’y hindi na naisasakatuparan. Ngunit sa mga probinsya, may iilan pa rin ang nanghaharana. Katulad sa mga Waraynon,

ito’y isinasagawa pa rin ng iilan lalo na ang mga makalumang nanliligaw. Ang pag-akyat ng bahay ng isang binata sa dalagang nililigawan ay isang pormal na akto. Kapag nagkasundo ang dalawa ay hihingin ng binata ang kamay ng dalaga sa mga magulang nito upang magpakasal. Sa awiting Ma’am Racela ay ang paghanga at pagmamahal ay napalitan ng respeto at pagpapahalaga sa kanyang guro. Marami sa ganitong sitwasyon ang nangyayari. Marami rin ang nagkakatuluyan. Marahil siguro ay malapit ang loob ng mga guro sa mga estudyante. Ang mga ganitong sitwasyon at pangyayari ang bahagi ng naging kultura sa awitin. Sa Mang Tomas ay nagpapakita pa rin na mahalaga ang panunuyo sa isang dalaga. Sa Never Been Touch, Never been Kiss ay Ang dalisay na pagmamahal ay hindi naghihintay o humihingi ng kapalit. Katulad sa awiting ito, lahat ng luho ng kasintahan ay ibinibigay ng binata dahil mahal na mahal niya ito. Inaalagaan at pinapahalagahan niya ang dalagita dahil nirerespeto niya ito. Dahil nga ito’y isang tinedyer pa lamang nauunawaan niya ang damdamin nitong may pagkasensitibo. Ngunit sa kabila ng pagiging bata pa ay ramdam naman niyang mahal din siya ng dalaga. Ang mga Waraynon ay may kulturang mapagmahal, magalang sa kababaihan lalo na sa mga iniirrog. Maiuugnay ang awiting ito sa isang “episode” ng “MMK” ng ABS CBN noong taong 2017. Sa istroyang ito, lalaki ang mas bata at babae naman ang mas nakatatanda. Ang lalaki ay lampas bente lamang ang edad samantalang ang babae ay biyuda at lampas singkuwenta na. Tutol ang mga anak ng babae sa relasyon ng dalawa ngunit matibay at matatag ang pagmamahalan ng dalawang nagmamahalan. Gen. Mc Arthur ay kakikitaan ng kulturang Wala nang hihigit pa ang pagmamahal sa sariling lupa. Tulad ng mga taga-Mc Arthur iniingatan nila ang bayan. Ipinatigil ng lokal na pamahalan ang ilegal na pagmimina dahil sinisira nito ang kalikasan. Nagtutulungan ang mga tao na umunlad ang bawat isa. Binigyan ang mamamayan ng hanapbuhay upang ito’y palaguin. Tinangkilik ang mga sariling gawang produkto tulad ng paggawa at pagtitinda ng mga kakanin na dinadagsa ng kalapit-bayang mamamayan. Ang mga produkto mula sa bukid ay madali na ang pagdala sa bayan dahil inayos ang

mga daan at mayaman sa lamang dagat ang malinis na karagatan. Marami sa mga pamilya na ang hanapbuhay ay pangngisda at pagsasaka. Kaya ang mga mamamayan dito ay nagkakaisa sa pagpapahalaga sa bayan at kalikasan at sinusugpo ang maling gawain upang mapanatili ang kapayapaan at umunlad lalo ang bayang mahal.

Ang kultura ay nagbabago at nag-iiba Hunt, [12]. Ang pagsisikap na malikom at masuri ang mga kaalamang bayan tulad ng mga awitin ay upang magkaroon ng mapaghahawakang katibayan ang taong bayan. Mahalagang mapangalagaan ang pagkakakilanlan bilang Pilipino at mapalawak ang kinagisnang kultura. Masasalamang ang kultura ng mga Waraynon sa mga awiting inilalahad. Makatutulong ang mga ito sa pagtalakay ng panitikang panrehiyon at sa paglinang ng wika sapagkat ang mga kulturang nabanggit ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na naging batayan ng kilos at gawi ng mga tao. Ang impluwensiya ng nakaraan sa kasalukuyan ay patuloy na naging bahagi ng buhay ng tao kaya't mahirap nang ihiwalay at nagiging ugali na ng tao. Mahalagang tangkilikin ang mga ito lalo't higit ng bagong henerasyon. Layunin ng mananaliksik na ipabatid ang kulturang Waraynon, buhayin at mapreserba ang lokal na panitikan. Ninais ding mabigyan ng paglalarawan ang mga awiting Waraynon upang maisabuhay ang kulturang Waray dahil sa kultura ay nakikilala ang identidad ng pangkat at nasasalamang ang kanilang panitikan. Bilang suporta, matutukoy ang lahing pinagmulan ng isang tao sa wikang kanyang ginagamit sa kanyang pakikipag-usap maging sa pagkilos at pakikibagay sa kanyang kapwa. Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral nina Vegafria at Calibayan [13] na may pamagat "Pagpapahalagang Kultural sa mga Awiting Bayan ng mga Arumanen Manobo sa Barangay Renibon, Pigcawayan Hilagang Cotabato", nabatid naman na ang mga awiting bayan ng mga Arumanen, Manobo ay nagtataglay ng mga pagpapahalagang kultural na may kaugnayan sa kung ano sila sa kanilang nakaraan bilang isang pangkat etnikong may natatanging kultura.

NATUKLASAN

Sa pagsusuri sa nilalaman ng sampung awiting Waraynon na nilikha at inawit ni Art Ramasasa, nagpapakita na ang paksa at tema ng mga awitin ay tungkol sa pag-ibig, kasayahan, pagdiriwang sa mga okasyon at pagpapahalaga sa kalikasan.

Habang sa simbolismo ay makikita na hitik na hitik sa simbolo ang mga awitin na nakitaan din ng idyomang ginamit ng awtor.

Samantalang ang pagpapakahulugan ng pagkakalikha ng mga awitin ay nagpapakilala ng mga katangian, pag-uugali, tradisyon at kultura ng mga mamamayan at paglalarawan sa mga lugar ng mga Waraynon partikular ang Silangang Samar.

Lumitaw sa mga awitin ang kultura ng pagiging masayahin at matatag ng mga waray. Natalos sa pag-aaral ang kultura ng mga Waraynon bilang tagapaglahad ng buhay ng nakalipas at kasalukuyan, patunay na tinatangkilik ang mga pagpapahalagang kultural na ito.

KONGKLUSYON

Ang mga awiting Waraynon ay nagtataglay ng mga pagpapahalagang kultural na sumasalamang sa paraan ng pamumuhay, pagtangkilik sa nakagisnang gawi at pagpapahalagang magpapakilala at magpapalaganap sa kultura at magagamit sa pagtuturo ng panitikan.

REKOMENDASYON

Batay sa ginawang pag-aaral ay inerekomenda ang sumusunod na gawain: pag-ibayuhin pa ang pagsusuri sa paksa, tema, at simbolismo sa matatandang anyo ng Panitikang Pilipino tulad ng mga kuwentong-bayan at alamat upang mapagtibay ang ating mga katutubong pagkakakilanlan at kakanyahan na magsisilbing tagapaggunita sa kadakilaan ng ating mga ninuno na dapat pahalagahan o kaya ay pamarisan, magsaliksik ng iba pang manunulat ng mga awiting waraynon o kahit anong akdang pampanitikan at alamin ang kanilang mga kadahilanan sa paglikha ng mga akda. Sa pagtuturo, gawing pinakalundo ang nasyonalismo sa lahat ng pagpapahalaga o valyus sa mga mag-aaral,

magsagawa ng mga dagdag pang pag-aaral tungkol sa mga awiting bayan ng bawat lalawigan o pangkat etniko at bigyang-tuon ang pagsusuri sa kultura upang mapagtibay ang mga katutubong pagkakakilanlan na magsisilbing tagapagpagunita sa kadakilaan ng ating mga ninuno at magsagawa ng dagdag pang paglilikom at pangangalap sa iba pang panitikang Waraynon at suriin ang pagpapahalagang moral, ispiritwal, pisikal at sosyal na nakapaloob sa bawat akda.

SANGGUNIAN

- [1] Erlich, Victor. (1981). *Russian formalism: history-doctrine*, 3rd edition. New Haven, Yale.
- [2] Jakobson, R. (1921). *Linguistih und Poetih*.
- [3] Villafuerte, P.V. (2000). *Panunuring pampanitikan*. Valenzuela City. Mutya Publishing House.
- [4] Fraenkel, J.R. and N.E. Wallen. (2006). *How to design and evaluate research in education*. U.S. McGrawHill.
- [5] Bagulaya, J. S. (2006). *Writing Literary History: Economic Production & Twentieth Century Waray Poetry*. UP Press, Diliman.
- [6] Belvez, P.M. (1990). *Panitikan ng lahi pangkolehiyo*. Manila, Phillipines. Rex Bookstore.

- [7] Buensuceso, T.A. (1997). *Panitikang Filipino*, Espana Blvd., Manila: UST Publishing House.
- [8] Bernales, R.A. (2006). *Kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pananaliksik*. Valenzuela City. Mutya Publishing House, Inc.
- [9] Astorga, L. (2016). *Mga piling awitin ng ASIN: Karapatang pantao etika at pangkapaligiran*. Cebu Normal University.
- [10] Bascos, A. (2019). *Balitang cybermedia ng Hiligaynon: diksyunaryong Hiligaynon-Filipino*. Cebu Normal University.
- [11] Genegabuas, I.T. (1999). *Symbolisms and emotional effects of songs. Basis for an English instructional design*. Cebu Normal University
- [12] Hunt, C. L. et. al., (1987). *Sociology in the Philippine setting*. Quezon City, Phoenix Publishing House.
- [13] Vegafria, L.G., Calibayan, M.L. (2017). *Pagpapahalagang kultural sa mga awiting bayan ng mga Arumanen Manobo sa barangay Renibon*. Pigcawayan, Hilagang Cotabato.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).